

“

LILIPULIN NI JESUS ANG LAHAT NG MASAMA, NGUNIT ISASAMA NIYA SA KANYANG KAHARIAN ANG MGA TAPAT NA NANANALIG SA KANYA UPANG MABUHAY KASAMA NIYA SA WALANG HANGGAN.

What about...
the end of the world? - Tagalog
Copyright © 2020 - WELS - BWM
Tract 3 of 7-MLP Cat No 385526

Multi-Language Productions
Bringing the Word to the World
wels.net/mlp

# Ano Ang Tungkol Sa ...

## KATAPUSAN NG MUNDO?



# *Ano Ang Tungkola Sa ... Katapusan Ng Mundo?*

Pawang hindi magagandang balita ang nilalaman ng mga pahayagan ngayon: digmaan, pagnanakaw, pagpatay, korapsyon, pang-aabuso sa tahanan, maging ang pagpapabaya sa maliliit na mga sanggol. Matatapos pa ba ang lahat ng mga ito?

Oo! Sa muling pagbabalik ni Jesus. Narito ang sinasabi sa atin ng Diyos tungkol sa pagbabalik ni Jesus: “Kung hindi gayon, kailangan sanang paulit-ulit na siya’y mamatay mula pa nang likhain ang sanlibutan. Subalit minsan lamang siyang nagpakita, ngayong magtatapos na ang panahon, upang pawiin ang kasalanan sa pamamagitan ng handog na kanyang inialay. Itinakda sa mga tao na minsan lamang mamatay at pagkatapos ay ang paghuhukom. Gayundin naman, si Cristo’y minsan lamang inihandog upang pawiin ang mga kasalanan ng mga tao. Siya’y muling darating, hindi upang muling ihandog dahil sa kasalanan, kundi upang iligtas ang mga naghihintay sa kanya” (Hebreo 9:26-28).

Ang muling pagbabalik ni Jesus ang magbibigay ng katapusan sa lahat ng mali sa mundo. Ito ang araw ng huling paghuhukom. Wala nang pagkakataon na ibibigay sa mga taong hindi kumilala kay Jesus bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas. Walang ikalawang pagkakataon. Walang sinuman ang makatatakas sa araw na iyon. Muling magbabalik si Cristo, at iyon na ang huli.

Hindi kinatatakutan ng mga nananalig kay Jesus ang araw na iyon. Lilipulin ni Jesus ang lahat ng masama, ngunit isasama niya sa kanyang kaharian ang mga tapat na nananalig sa kanya upang mabuhay kasama niya sa walang hanggan. Batid ng mga mananampalataya na pinatawad na sila ni Jesus at ipinangako sa kanila ang buhay na walang hanggan. Hinihintay na lamang nila na dumating si Jesus upang isama sila sa paraisong ipinangako niya. Sila ay matiyagang naghihintay at pinagtitiisan ang mga kahirapan sa mundo, yamang batid nilang lubos na babaguhin ni Jesus magpakailanman ang lahat ng bagay sa darating na panahon.

Anong laking pagbabago ang kanyang gagawin! Narito ang pangako ng Diyos sa atin, “At papahirin niya ang bawat luha sa kanilang mga mata. Wala nang kamatayan, dalamhati, pagtangis, at paghihirap sapagkat lumipas na ang dating mga bagay” (Pahayag 21:4).

Ito ang nais ni Jesus na makamtan ng lahat, at ibinigay na niya ito sa atin bilang isang kaloob. Namatay siya sa krus upang bayaran nang buo ang kaloob na ito. Hindi ito ipinagkakaloob bilang kabayaran sa pagsisikap ng sinuman. Sapagkat sino naman ang makagagawa nang sapat upang kamtan ito? Ipinagkakaloob lamang ito ni Jesus. Tinatanggap ng kanyang mga tapat na hinirang ang kanyang kaloob sa pamamagitan ng pananampalataya. Ngunit ang kaloob na ito ay hinahayaan lang ng mga hindi nananampalataya kay Jesus na hindi nabubuksan at hindi nakakamtan.

Kung wala si Jesus, ang katapusan ng mundo ay nakakikilabot. Dahil kay Jesus, walang kaparusahan sa Huling Araw. Para sa mga mananampalataya, tatapusin ni Jesus ang mga kaguluhan, patayan, galit, karamdaman, at kamatayan. Siya ay maghahatid ng kagalakan, kapayapaan, pagmamahal, at lahat ng mabubuting bagay. Hindi nakapagtataka na ang mga mananampalataya ay nananalangin, “Dumating ka nawa, Panginoong Jesus” (Pahayag 22:20).

*“Hindi kinatatakutan ng mga nananalig kay Jesus ang araw na iyon.”*

